Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/15

Pagpili ng pang-abay na panlunan

Panuto: Isulat sa patlang ang pang-abay na panlunan na bubuo sa pangungusap. Pumili ng sagot sa loob ng kahon.

sa loob ng garahe	sa tindahan	sa hardin	sa ilalim ng kama
sa palengke	sa tabi ng dagat	sa sala	sa kabukiran
sa bangko	sa kalsada	sa ibabaw ng mesa	sa kusina
sa Malacañang	sa labas ng *gate*	sa ospital	

1. Ang magsasaka ay nakatira _____.
2. Ang mga mangingisda _____ ay nagpapahinga.
3. _____ ka makakabili ng mga sariwang gulay.
4. Nagdidilig ng mga halaman _____ si Ate Carla.
5. Ang kotse ay nakaparada _____.
6. Nanonood ng telebisyon _____ ang mga bata.
7. Dinala _____ si Lolo dahil may sakit siya.
8. Nagluluto ng merienda si Nanay _____.
9. _____ natutulog ang pusa.
10. Pupunta si Tatay _____ para magdeposito ng pera.
11. Bumili ka ng pancit canton _____.
12. Maraming sasakyan _____ tuwing umaga.
13. Si Kuya ang susundo sa akin at naghihintay siya _____.
14. Ang pangulo ng Pilipinas ay nakatira _____.
15. Iniwan ko _____ ang mga aklat mo.